KAUTUSANG BLG. 6667

KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ₱350,000.00 UPANG MAGUGOL SA PAGPAPAGAWA NG LIWASANG BALAGTAS SA KAIBABAWAN NG ESTERO DE BEATA, MALAPIT SA TULAY NG PALUMPONG AT MGA DAANG JESUS AT LAURA, PUROK NG PANDAKAN.

Ipinag-uutos ng Batasang Bayan ng Lungsod ng Maynila, na:

PANGKAT 1. Ang halagang ₱350,000.00, o anumang bahagi nito na kakailanganin, ay inilalaan mula sa anumang salapi sa kabang yaman ng Lungsod na hindi pa naiuukol sa ano pa mang bagay, upang magugol sa pagpapagawa ng Liwasang Balagtas sa kaibabawan ng Estero de Beata, malapit sa tulay ng Palumpong at mga daang Jesus at Laura, Purok ng Pandakan.

PANGKAT 2. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa araw ng pagpapatibay.

Ipinasya ng Batasang Bayan ng Maynila ngayong Mayo 3, 1968.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong ika-7 ng Hunyo, 1968.

PINAGTIBAY:

ANTONIO J. VILLEGAS
Punong Lungsod ng Maynila

F. REYES CALUGAS
Pangulo-Tagapamatnugot ng Lungsod at Tagapangulo, Batasang-Bayan

PINATUNAYAN:

SERAFIN P. MANALO
Kalihim ng Punong Lungsod

MANUEL A. ROBLES
Kalihim, Batasang-Bayan

GPR/lqa